ISDS: Kontra sa Karapatan ng Kababaihan

Ano ang investor-state dispute settlement (ISDS)?

Ang Investor-State Dispute Settlement or 'ISDS' ay isang probisyon na karaniwang matatagpuan sa mga bilateral o plurilateral na kasunduang pangkalakalan at pamumuhunan, at maging sa mga kontrata ng mga proyekto o mga Memorandum of Understanding (MOU) sa pagitan ng pamahalaan at mga korporasyong multinasyonal. Itinatakda ng probisyong ito ang makaisang-panig na mekanismo ng pag-aayos sa anumang di-pagkakaunawaan na pinoprotek-syunan ang interes ng mga namumuhunan mula sa kasosyong pamahalaan. Binibigyan nito ng pribilehiyo ang mga dayuhang mamumuhunan na idemanda ang isang pamahalaan at humingi ng kabayaran para sa anumang mga aksyon, batas, regulasyon, at polisiya na naglalagay sa alanganin sa kanilang pamumuhunan pati na rin kasalukuyan at hinaharap na kita at tubo - tunay man ito o hindi. Bunga nito, maaaring magsampa ng kaso ang mga korporasyon laban sa isang pamahalaan sa mga pandaigdigan at kadalasa'y mga palihim na tribunal[1], dahil sa pagpasa at pagpapatupad ng mga batas at patakaran na naglalayong itaguyod ang mga karapatang pantao, karapatang paggawa at pangangalaga sa kalikasan. Naging makapang-yarihang sandata ang ISDS na maging ang banta lamang ng isang kaso ay maaari nang makapagpa-bago sa isang gobyerno na baguhin ang mga batas at regulasyon upang maging paborable sa mga dayuhang mamumuhunan.

1: The Secret Threat That Makes Corporations More Powerful Than Countries (2016). Retrieved from https://www.buzzfeednews.com/article/chrishamby/the-billion-dollar-ultimatum

Pinagmulan

And ISDS ay isang pamana ng kolonyalismo kung saan ang mga korporasyong Europeo sa pangunguna ng tagapangulo ng Deutsche Bank, ay bumuo ng "Magna Carta for Investors"[2]. Pinasimulan noong huling yugto ng 1950, lumitaw ang ISDS sa maraming kasunduan sa pagitan ng mga dating pamahalaang kolonyal at ng mga bagong-layang kolonya nito bilang isang paraan para maiwasan ang pagsasabansa ng mga pisikal na pag-aari ng mga multinasyonal na korporasyon kasunod pagkakamit ng kasarinlan ng mga dating kolonya.

2: Standing, G. (2016). The Corruption of Capitalism: Why rentiers thrive and work does not pay. Biteback Publishing Ltd. Retrieved from https://books.google.com.my/books?id=qgX1DAAAQBAJ&printsec=copyright&source=gbs_pub_info_r#v=onepage&q&f=false

ISDS: kasangkapan laban sa karapatang pantao

Noong Setyembre 2015, mariing iginiit ng United Nations Human Rights Council Independent Expert on International Order na si si Alfred de Zayas na hindi dapat isama ang ISDS sa mga kasunduang pangkalakalan. Ayon sa kanyang ulat, ang ISDS ay taliwas sa mga panuntunan ng karapatang pantao dahil nanghihimasok ito sa kapangyarihan ng Estado na magtakda ng mga regulasyon sa sariling nasasakupan, at marami itong mga pundamental na kahinaan gaya ng kawalan ng kalayaan, kalinawan sa mga transaksyon, pananagutan at pamamaraan upang malaman ang mga idudulot nito sa hinaharap. Noong Abril 2019, naglabas ng bukas na liham ang pitong (7) tumatangan ng mandato sa UN Human Rights Council's Special Procedures na tumutukoy sa mga katulad na pundamental na depekto sa loob ng ISDS at nanawagan sila ng mga pagbabago sa sistema.

Umiiral na ang mga probisyong ISDS sa loob ng kalahating siglo, at ipinapakita ng mga datos na higit pang dumadalas ang paggamit ng mga korporasyon sa ISDS nitong mga nakalipas na panahon. Nitong 2018 lamang ay may naitalang 71 kaso ng ISDS na inihain la-ban sa mga pamahalaan sa buong mundo, at marami rito laban sa mahihirap na bansa. (developing countries). Hanggang nitong huling yugto ng 2019 ay may nabibilang na 1,023 kaso ng ISDS. Sa Asya at Pasipiko, may nakahaing 142 na mga kaso, kung saan humigit-ku-mulang na 70 porsyento nito ay isinampa mula 2010 at pataas.[3]

3: United Nations Conference on Trade and Development, UNCTAD (2020). Fact Sheet on Investor-State Dispute Settlement Cases in 2019. International Investment Agreements (IIA) Issues Note (2). Retrieved from https://unctad.org/en/PublicationsLibrary/diaepcbinf2020d6.pdf

Figure 1. Trends in known treaty-based ISDS cases, 1987–2019



ISDS: Pag-atake ng mga Korporasyon sa Karapatang Pantao ng Kababaihan

Naging isang subok at makapangyarihang sandata ng mga dayuhang korporasyon ang ISDS upang puwersahin ang isang gobyerno na baguhin ang mga batas at regulasyon ayon sa kanilang interes, na siya namang may malubhang epekto sa karapatang pantao ng mga kababaihan.

ISDS kontra sa mga Pampublikong Serbisyo - Higit na umaasa ang mga kababaihan sa pampublikong serbisyo lalo't higit ang bigat ng unpaid care work na mas madalas na pinapasan ng kababaihan. Halimbawa na lamang sa Asya, tinatayang higit sa apat na beses ang dami ng bilang ng mga kababaihang gumagampan ng unpaid care work kumpara sa mga kalalakihan[4]. Ang paglilinis, pagluluto, at pag-aaruga sa mga kapamilya — sa mga bata, matatanda, at may kapansanan (people with disabilities) — ay itinuturing pa ring mga 'gawain ng babae'. Ang mga kasambahay, kung saan ang nakararaming bilang ay kababaihan, ay karaniwang mababa ang sahod at gumagampan ng mga delikadong trabaho. Maaaring makapagpababa ng antas ng di pagkakapantay-pantay sa lipunan ang pagpapabuti at pagtitiyak ng pampublikong serbisyo, at isa rin itong paraan upang labanan ang mga patakarang higit na pumapabor sa pribadong sektor at sa pag-igting ng agwat sa pagitan ng mayayaman at mahihirap. Gayunpaman, maraming gobyerno na ang kinasuhan ng mga korporasyon gamit ang ISDS dahil sa pagpigil ng mga ito ng pribatisasyon ng pampublikong serbisyo, na pawa namang bigo; kahit pa ang mga ito'y isinagawa upang proteksyunan ang mga pundamental na karapatang pantao. Mula noong taong 2000, tinatayang may 20 ISDS na kasong inihain ng mga korporasyon dahil sa desisyon ng mga pamahalaan na bawiin ang pribatisasyon ng pampublikong serbisyo.

Ang kaso ng Argentina[5]: Habang nasa gitna ng matinding krisis pampinansyal noong 2001-2002, ipinatigil ng Argentina ang pagbabayad sa mga pribadong serbisyo upang mabawasan ang pasaning dala ng mga mamamayan at kahit paano'y matiyak pa rin ng ang mga batayang karapatan at pangangailangan ng mamamayan sa gitna ng implasyon at kawalan ng trabaho. Nagsampa ang mga dayuhang mamumuhunan ng higit sa 40 kaso ng ISDS. Sa isa sa mga kaso, kinansela ng lungsod ng Buenos Aires ang isang kontrata sa Suez, isang higanteng korporasyon sa enerhiya at patubig dahil sa paulit-ulit nitong pagkabigo na magbigay ng mahusay na serbisyo, kasama na ang pagbibigay ng tubig na may labis na antas ng nitrate. Dahil dito, idinemanda ang gobyerno ng Argentina at kinailangan nitong magbayad ng USD$ 383 milyon. Sa kanyang pagpapasya, isinantabi ng World Bank International Center for Settlement of Investment Disputes ang pananaw na ang karapatan sa tubig ay dapat bigyan ng prayoridad kaysa sa interes ng namumuhunan.

4: International Labour Organization, ILO (2018). Care work and care jobs for the future of decent work. Ginebra: OIT. Retrieved from https://www.ilo.org/wcmsp5/groups/public/---dgreports/---dcomm/---publ/documents/publication/wcms_633135.pdf

5: Investigating the impact of corporate courts on the ground-the truth is out there. Retrieved from https://www.globaljustice.org.uk/sites/default/files/files/resources/isds_files_anglian_water_web.pdf

Philip Morris laban sa Australia[7]: Nang pinasimulan ng Australia ang simpleng pagpapakete para sa lahat ng produktong tabako noong 2011 upang pigilan ang paninigarilyo at mabawasan ang maraming panganib sa kalusugan, kinasuhan ng Philip Morris ang Australia sa harap ng arbitraryong tribunal. Dahil ang Philip Morris Australia ay pagmamay-ari ng Philip Morris International (nakabase sa Switzerland), at ang Australia ay walang kasunduan sa pamumuhunan sa Switzerland, bumili ang Philip Morris-Asia ng mga 'stocks' sa Australia partikular upang samantalahin ang mekanismo ng ISDS na kasama sa kasunduan sa pamumuhunan sa pagitan ng Australia at Hong Kong. Sa desisyon noong Disyembre 2015, kinumpirma ng tribunal na ang pangunahing dahilan ng pagbili ng mga "stocks" ng Phillip Morris Asia noong 2011 ay para maghain ng ligal na paghahabol, gamit ang isang kumpanyang nakabase sa Hong Kong. Ibinasura rin ng tribunal ang paghahabol ng kumpanya na hindi makatwiran ang hakbangin kaugnay ng simpleng pagpapakete. Samakatuwid, napawalambisa ang kaso, kahit sa ligal na batayan lamang. Gayunpaman, gumastos ang mamamayan Australia ng AU$ 24 milyon sa ligal na mga bayarin habang kalahati lang nito ang binayaran ng Philip Morris.

ISDS laban sa Apirmatibong Aksyon - Hinihikayat at tinatakdaan ang mga pamahalaan na magsagawa ng mga apirmatibong aksyon o pansamantalang espesyal na hakbangin sa ilalim ng CEDAW[6] upang wakasan ang diskriminasyon laban sa kababaihan at maisulong ang karapatang pantao ng kababaihan. Gayunpaman, ginamit ang ISDS para hamunin ang patakaran ng apirmatibong aksyon kapag nakitang nakakaapekto ito sa sa negosyo o tubo sa hinaharap.

ISDS laban sa katarungan sa pagbubuwis - May potensyal na tugunan ng redistribusyon ng yaman sa pamamagitan ng pagbububuwis ang mga disrkriminasyong sistemiko at interseksyunal na dinaranas ng kababaihan batay sa kanilang kasarian, uri at iba pa. Matindi ang epekto sa mga kababaihan sa tuwing inaabuso ng mga korporasyong multinasyonal ang mga patakaran sa pagbubuwis at nakakapagpaliban sila sa pagbabayad ng buwis. Malaki ang potensyal na bigyang-kapangyarihan, mabawasan ang di-pagkakapantay-pantay at karahasan, at unpaid care work ng mga kababaihan sa pamamagitan ng mga pampublikong serbisyong pinopondohan ng gobyerno tulad ng kalusugan, edukasyon, tubig, at transportasyon. Kaya lang, sa ilalim ng ISDS, ang mga korporasyong may kasunduan ng pamumuhunan sa gobyerno ay maaaring kasuhan ang huli sa pagbabago nito ng mga batas sa pagbubuwis, kabilang na ang paghihigpit sa antas ng buwis na dapat bayaran na makaaapekto sa tantos ng kita at tubo ng kumpanya. Hindi bababa sa 24 na bansa kabilang ang India at Romania[8] ang nakasuhan na sa ilalim ng ISDS kaugnay ng mga hindi pagkakaunawaang may kinalaman sa pagbubuwis.

6: Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination against Women. New York, 18 December 1979. Retrieved from https://www.ohchr.org/en/professionalinterest/pages/cedaw.aspx

7: https://www.foei.org/wp-content/uploads/2016/12/The-hidden-costs-of-RCEP-and-corporate-trade-deals-in-Asia-FoEI.pdf

8: Provost Claire (2016). Taxes on trial: How trade deals threaten tax justice. Retrieved from https://www.globaljustice.org.uk/sites/default/files/files/resources/taxes-on-trial-how-trade-deals-threaten-tax-justice-global-justice-now.pdf

Vodafone laban sa India[9]: Kinuha ng Vodafone ang kalakhan ng pagmamay-ari sa mga pangunahing kompanyang telekomunikasyon sa India gamit ang isang serye ng pagmamay-ari sa ibayong dagat na rehistrado sa Cayman Islands. Nang pinatawan sila ng India ng US $ 2 bilyon na singil sa buwis, naghain ang Vodafone ng kasong ISDS laban sa India upang makaiwas sa pagbabayad ng 'capital gains tax'. Kung manalo sa kaso ang Vodafone, mawawalan ng bilyun- bilyong kita ang mga gobyerno at mamamayan ng India.

ISDS laban sa Katarungan sa Klima - Higit na pinapasan ng mga kababaihan ang matinding epekto ng pagbabago-bago ng klima. Mas malaki ang posibilidad ng pagkasawi ng mga kababaihan, maging biktima ng trafficking at makaranas ng karahasan matapos ang sakuna habang ang kanilang mga buhay ay mas apektado ng tagtuyot, pagbaha, pagkasira ng pananim at alagang hayop at kawalan ng akses sa tubig. Muling binibigyang-diin ng kasalukuyang krisis sa klima ang pangangailangan sa mabilis, kagyat at makatarungang mga pagbabago sa, enerhiya, industriya, mga gusali, transportasyon at mga lungsod. Gayunpaman, maraming gobyerno ang sinampahan ng kaso dahil sa pagsusulong ng mga batas at patakaran na naglalayong harapin at tugunan ang krisis sa klima at pangalagaan ang kalikasan. Ayon sa istatistika, 36 porsyento ng mga kaso laban sa mga bansang kabilang sa Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP)[10] ay may kinalaman sa mga sektor pang-kalikasan.

Churchill Mining laban sa Indonesia: Noong 2021, nagpasimula ang Churchill Mining ng isang paghahabol sa arbitrasyon laban sa Indonesia kaugnay ng pagpapawalang-bisa ng mga lisensya sa pagmimina na itinuring na huwad ng bansa. Humingi ang mga kumpanya ng US$1.3 bilyong kabayaran bagaman namuhunan lamang sila ng US$40 milyon. Noong Disyembre 2016, kinumpirma ng tribunal na huwad nga ang mga dokumentong ipinakita ng kumpanya. Noong Abril 2017, inapela ng Churchill Mining ang desisyon, pero ibinasura ito ng tribunal noong Marso 2019. Tinatayang umabot sa mahigit US$10 milyon ang ginastos ng gobyerno ng Indonesia para sa kasong ito.

ISDS laban sa Karapatan ng Kababaihang Manggagawang - Sa karaniwan, ang mga kababaihan sa Asya at Pasipiko ay kumikita ng nasa 80-90 porsyento ng kinikita ng mga kalalakihan. Ang mga babae ay nananatiling nakapirmi sa impormal, walang-katiyakan, at di-protektadong sangay ng lakas-paggawa, kung kaya sila ay karaniwang sumasahod ng higit na mababa kumpara sa mga kalalakihan. Direktang makatutulong sa malaking bilang ng kababaihang manggagawa ang anumang uri ng pagtaas ng minimum na sahod. Bagama't ang diskriminasyon sa pasahod dahil sa kasarian ay matutugunan lamang sa pamamagitan ng implementasyon ng mga patakaran sa paggawa sa panig ng pamahalaan[11], halos nagiging imposible para sa mga gobyerno na magsulong ng mga bagong batas para mabawasan ang agwat sa sahod dahil sa ISDS. Maraming gobyerno na ang nakasuhan sa ilalim ng ISDS sa pagsusulong ng mga bagong batas na naglalayong itaas ang minimum na sahod sa kanilang mga bansa.

9: Government opposes the merger of Vodafone Group's two arbitrations. Retrieved from https://isds.bilaterals.org/?government-opposes-merger-of

10: RCEP countries include Brunei, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Philippines, Singapore, Thailand, Vietnam, China, Japan, South Korea, Australia and New Zealand.

11: Rubery, J., & Koukiadaki, A. (2016). Closing the gender pay gap: a review of the issues, policy mechanisms and international evidence. ILO, Geneva.

Veolia laban sa Egypt: Noong 2012, idinemanda ng Veolia ang Egypt at humingi ng kabayaran dahil itinaas ng Egypt ang minimum na sahod ng bansa sa bisa ng mga bagong batas sa paggawa, nakipagtalo ang Veolia dahil nagdulot daw ito ng pagkasira ng kanilang pamumuhunan. Bagama't naibasura na ang kasong ito, nananatilli itong halimbawa na kung paanong sa kabila ng pagkapanalo sa kaso ay nawalan pa rin ang gobyerno ng Egypt ng milyun-milyong dolyar para sa arbitrasyon at ligal na bayarin sa loob ng anim na taon ng kaso.

ISDS laban sa Pondo ng Karapatang Pantao ng Kababaihan - Ang mga kaso ng ISDS ay kilalang nagkakahalaga ng bilyong dolyar (US) sa mga ligal na gastusin at danyos. Ang ligal na gastos para sa isang kaso ng ISDS ay tinatayang umaabot ng US$8 milyon kaso at maaaring umabot pa hanggang US$30 milyon. Kaalinsabay nito ang mga abogadong humahawak ng kaso ay karaniwang sumisingil ng US$ 1 libo kada abogado bawat oras, at ang bawat kaso ay hinahawakan ng isang buong grupo ng mga abogado. Ang mga gastusing ito ay binabayaran ng mamamyan sa pamamagitan ng kanilang mga buwis, at humahati sa mga rekursong maaari sanang nagamit para upang mapondohan ang mga serbisyong pampubliko at sa pagsusulong ng karapatang pantao ng mga kababaihan. Malaking bahagi ng pambansang kita (gross domestic product) ang katumbas ng danyos na hinihingi ng mga korporasyon sa ilalim ng ISDS, na nagibigay-daan upang mabaon sa utang ang bansa o di kaya ay humingi ng tulong sa ibang partido para mabayaran ang mga ligal na gastusin.

Tethyan laban sa Pakistan: Noong 2019, ginawaran ng ISDS ang isang korporasyon laban sa gobyerno, sa kaso ng Tethyan laban sa gobyerno ng Pakistan. Ang iginawad na US$5.8 bilyon ay halos katumbas na ng US$6 bilyon na inutang ng Pakistan sa International Monetary Fund (IMF). Ang halagang ito ay higit din sa dobleng halaga ng pangkalahatang gastusing pampubliko ng Pakistan para sa pangangalaga sa kalusugan ng 200 milyong mamamayan[12], sa isang bansa kung saan 7 porsyento ng mga bata ay namamatay bago ang kanilang ikalimang kaarawan[13]. Ang gawad na ito ay nagdulot ng malubhang pinsala sa sitwasyong pang-ekonomya, panlipunan, at pampulitika ng bansa, at maituturing na parusang kamatayan para sa mamamayan ng Pakistan.

11: Rubery, J., & Koukiadaki, A. (2016). Closing the gender pay gap: a review of the issues, policy mechanisms and international evidence. ILO, Geneva.

12: World Health Organization Global Health Expenditure database. Retrieved from https://data.worldbank.org/indicator/SH.XPD.CHEX.GD.ZS

13: UNICEF Data: Monitoring the situation of children and women. Retrieved from https://data.unicef.org/country/pak/

Ang ating panawagan:
Wakasan ang ISDS ngayon na!

Ang ISDS ay pangunahing lumalabag sa mga prinsipyo ng karapatang pantao, katarungan, pagkakapantay-pantay, pananagutan at soberanya ng mamamayan. Ito ay isang hindi lehitimong mekanismo ng proteksyon na malaon nang pinakikinabangan ng mga kapangyarihang kolonyal, kapalit ng buhay at kapakanan ng mamamayan at ng sandaigdigan, lalo na ang mga mamamayan ng mahihirap na bansa. Hanggang sa kasalukuyan, hindi na nakakagulat na wala pang panlabang ligal na mekanismo upang papanagutin ang mga korporasyon sa kanilang mga paglabag sa karapatang pantao, lalo na ang mga multinasyonal at dayuhang mamumuhunan, pangunahin dahil sa mga koordinadong pagsisikap upang protektahan ang pananatili ng kanilang kapangyarihan.

Asia Pacific Forum on Women, Law and Development

Ang Asia Pacific Forum on Women, Law and Development ay ang nangungunang network ng mga feministang samahan at indibidwal na aktibista sa rehiyon. Sa loob ng 34 taon, kami ay nagsasagawa ng adbokasiya, aktibismo at pagbuo ng kilusan upang isulong ang mga karapatang pantao at pag-unlad ng hustisya ng kababaihan.

E-mail: apwld@apwld.org
Website: www.apwld.org